

### **Buod ng Financial Assistance Policy sa Simpleng Wika**

#### **\*\*Ang Tulong Pinansiyal ay para sa Emergency o Iba pang Kinakailangang Medikal na Pangangalaga sa Alinmang Chesapeake Regional Medical Center\*\***

**Pahayag:** Nag-aalok ang CRMC ng Tulong Pinansiyal sa lahat ng kalipikadong pasyente. Panata naming tulungan ang komunidad at magbigay ng access sa de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan sa lahat.

Kung hindi mo mabayaran ang iyong bayarin sa ospital, makipag-ugnayan sa amin para malaman kung karapat-dapat kang makatanggap ng tulong pinansiyal. Sinusuri ang pangangailangan ng bawat pasyente para sa pinansiyal na tulong ayon sa kaniyang kabuuang kinikita ng sambahayan, mga liquid na asset, pananagutan, at anumang iba pang pinagkukunan. Makatatanggap ng buong tulong pinansiyal ang mga indibidwal/pamilya na kumikita nang mas mababa sa 201% ng federal poverty level (FPL) at hindi lalampas sa anumang iba pang magagamit na pinagkukunan.

Nagbibigay ang CRMC ng awtomatikong diskuwento sa self-pay na 40% sa lahat na pasyenteng hindi nakaseguro maliban kung naaprubahan ang pasyente para sa tulong pinansiyal at kalipikado para sa mas mataas na diskuwento. Maaari rin makatanggap ng buong tulong pinansiyal ang mga pasyenteng kumikita nang mas mababa sa 200% ng FPL. Ang pasyenteng kumikita sa pagitan ng 201% FPL at hanggang 500% ng FPL, na hindi hihigit sa limitasyon para sa pinagkukunan ay maaaring makatanggap ng tulong pinansiyal na hanggang 66% na diskuwento. Tutukuyin ang mga diskuwento batay sa taunang kinikita ng sambahayan gamit ang mga Pederal na Antas ng Kahirapan Poverty Levels na binanggit sa Schedule A.

Para sa aplikasyon sa tulong pinansiyal, makipag-ugnayan sa aming mga Financial Counselor sa numerong nakalista sa ibaba:

**Humiling sa pamamagitan ng telepono: 757-312-6281**

**Humiling sa pamamagitan ng koreo: Chesapeake Regional Medical Center  
Attention: Financial Assistance Counselor  
736 Battlefield Blvd. N.  
Chesapeake, Virginia 23320**

Hihilingin sa mga pasyente na kompletuhin ang aplikasyon sa tulong pinansiyal (FAP) at ipadala ito sa koreo kasama ng mga dokumentong naaangkop. Dapat mag-apply ang mga pasyente sa loob ng 240 araw mula sa petsa ng kanilang pagkaka-discharge. Maaaring ipakoreo ang aplikasyon sa address sa itaas o sa pamamagitan ng pagdadala ng aplikasyon kasama ang mga naaangkop na dokumento sa Central Registration department malapit sa pangunahing pasukan ng ospital. Kapag natanggap ang aplikasyon at mga dokumento, maglaan ng hindi bababa sa 30 araw para maproseso

ang aplikasyon. Ang lahat ng aplikante ay aabisuhan sa pamamagitan ng liham tungkol sa pagtutukoy. Balido ang inaprubahang aplikasyon sa loob ng walong (8) buwan mula sa petsa ng paglagda sa aplikasyon. Kung sakaling lumipat ang aplikante mula sa address na nasa file namin, responsibilidad ng aplikante na abisuhan ang ospital, para maipadala naminnang wasto ang liham.

Para sa mga pasyente, o kani-kanilang mga Guarantor, na hindi tumutugon sa proseso ng aplikasyon ng CRMC, maaaring gamitin ang ibang pang mapagkukunan ng impormasyon para makagawa ng indibidwal na pagtatasa sa pangangailangang pinansiyal. Magbibigay-daan ang impormasyong ito sa Pasilidad ng CRMC na makagawa ng desisyong may-kabatiran sa pinansiyal na pangangailangan ng mga hindi tumutugon na pasyente, gamit ang pinakamahusay na mga pagtatantiya sa kawalan ng impormasyong direktang ibinigay ng pasyente.

Kapag pinupunan ang aplikasyon, siguraduhing isama ang:

1. Punan ang impormasyon ng pasyente, lagda, at petsa.
2. Impormasyon sa kinikita at liquid na asset: Kabilang dito ang kinikita mula sa iyong employer (mga pay stub, W-2), tulong ng social service (mga food stamp), tulong ng gobyerno (social security, mga benepisyong VA), lahat ng iba pang kinikita (tax return), at katibayan ng mga liquid na asset (mga bank statement, mga sertipiko ng mga deposito). Kung may batang 18 taong gulang o mas matanda, kinakailangan ang isang hiwalay na form.
3. Buwanang gastos (Mga Benepisyaryo Lamang ng Medicare): Kabilang dito ang pagbabayad ng mortgage, renta, mga utility, loan, medikal, o iba pang mga gastos. Pakitukoy kung aling mga uri ng dokumentasyon ang magagamit sa iyong sitwasyon: (Magpadala ng mga kopya lang. Hindi ibabalik ang mga orihinal).

### **Iskedyul A:**

TAUNANG KINIKITA								
2022	100% Diskuwento				66% Diskuwento	66% Diskuwento	66% Diskuwento para sa Mahihirap	Mga Liquid na Asset
Laki ng Sambahayan	100%	133%	138%	200%	300%	400%	500%	Limitasyon
1	\$13.590	\$18.075	\$18.754	\$27.180	\$40.770	\$54.360	\$67.950	\$10.000
2	\$18.310	\$24.352	\$25.268	\$36.620	\$54.930	\$73.240	\$91.550	\$10.000
3	\$23.030	\$30.630	\$31.781	\$46.060	\$69.090	\$92.120	\$115.150	\$10.000
4	\$27.750	\$36.908	\$38.295	\$55.500	\$83.250	\$111.000	\$138.750	\$10.000
5	\$32.470	\$43.185	\$44.809	\$64.940	\$97.410	\$129.880	\$162.350	\$10.000
6	\$37.190	\$49.463	\$51.322	\$74.380	\$111.570	\$148.760	\$185.950	\$10.000
7	\$41.910	\$55.740	\$57.836	\$83.820	\$125.730	\$167.640	\$209.550	\$10.000
8	\$46.630	\$62.018	\$64.349	\$93.260	\$139.890	\$186.520	\$233.150	\$10.000
Karagdagan Kada Tao	\$ 4.720							